



Gifu Prefecture Public Relations Balita mula sa Prepektura ng Gifu



Enero, 2019

Highlights para sa Buwang Ito

“Gifu Nakasendo Experience 2019”

Sa programang ‘Gifu Nakasendo Experience 2019’, pinapakilala ang 126.5km na makalumang daan na may labimpitong (17) makalumang istasyon-pahingahan sa Nakasendo.



Mitake Hana-zushi at Temari (round)-zushi

Ang tema ng programa ngayon ay “Hana at Sake”. Maaaring subukan gumawa ng Mitake Hana zushi, tumikim ng mga inirekomendang lokal na alak o sake at iba pa. Tangkilikin ang natatanging karanasan na ma-eeenjoy nitong panahon.

◆**Petsa:** Pebrero 3 (Linggo) ~ Marso 24 (Linggo)

◆**Lugar:** Nakasendo o mga kalapit na lugar sa loob ng Prepektura

◆**Bayad/ Paraan ng Aplikasyon/ Deadline ng**

Aplikasyon: Magkakaiba para sa bawat ‘Program’

◆**Para sa mga Katanungan:** Gifu Historical Route Tourism Office

☎0584(71)6134 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

◆**Hanaping Salita:** 中山道ぎふ17宿歩き旅

●Populasyon sa Prepektura

1,999,406 (nabawasan ng 433)

Lalaki: 969,518 (nabawasan ng 122 katao)

Babae: 1,029,888 (nabawasan ng 311 katao)

※Oktubre 1, 2018 hanggang sa kasalukuyan.

※Ang () ay inihambing sa nakaraang buwan.

Para sa bagong impormasyon, tignan ang homepage ng Gifu Prefectural Statistics Division.

Prefectural Government Public Relations TV Program

「Gifu Prefecture Government Hotline」 - Televised

(Palabas) Huwebes 18:53 ~ 18:57

(Replay) Martes 21:54 ~ 21:58

Ang 「Balita mula sa Prepektura ng Gifu」 ay pinapalabas din sa **Gifu Chan** (Channel 8)!

Facebook 「清流の国ぎふ」

Kasalukuyang makikita sa Minamo Dayori!!

岐阜県 ミナモトより

hanapin

Pindutin ang “d” button para makuha ang lokal na impormasyon!



Production Opera ng Hida at Mino

Sa tulong ng Gifu Foundation for Education and Culture, magsasagawa ng creative opera hango sa kasaysayan at kultura ng bawat rehiyon ng prepektura.

Ngayong taon, bilang espesyal na pagtatanghal para sa ikadalawampung (20th) anibersaryo, ipapalabas ang pinakahihiling na mga performance, ang “Tsubaki Yashiki”, “Kitsune no Yome Iri” at “Nishi Shinobi Ike”.



Pagganap ng nakaraang taon

◆**Petsa:** Pebrero 10 (Linggo)

◆**Lugar:** Gifu Seiryu Bunka Plaza (Gifu-shi Gakuen-cho 3-42)

◆**Bayad:** Adulto ¥2,000 Senior H.S. pababa ¥1,000

◆**Para sa mga Katanungan:** Gifu Foundation for Education and Culture

☎058(233)8161 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

◆**Hanaping Salita:** ひだ・みの創作オペラ

Kahon ng Impormasyon

Impormasyon “Kitchen Car Grand Prix sa Hana Festa”

Ang mga Kitchen Car na aktibo sa Tokai area ay magtitipon-tipon sa Hana Festa! Sikat na ibento ito sa tag-lamig. Tikman ang iba't ibang malasang menu at bumoto para sa mga paboritong Kitchen Car.

▲**Petsa:** Enero 12 (Sabado)~14 (Lunes, piyesta opisyal), 19 (Sabado)~20 (Linggo) 9:30~16:00

※Libreng entrance fee para sa 5 araw na ito

▲**Lugar:** Hana Festa Memorial Park (Kani-shi)

▲**Para sa Katanungan:** Hana Festa Memorial Park

☎ 0574(63)7373 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

▲**Hanaping Salita:** 花フェスタ記念公園

Impormasyon Sa Employer: Kaltasin sa Sahod ng Empleyado ang kanilang Resident Tax

Ang sistema ng “pagkaltas ng Resident Tax sa sahod” ay katulad sa paraan ng “pagkaltas ng Income Tax sa sahod” kung saan awtomatikong kakaltasin ang resident tax sa buwanang sahod/suweldo ng empleyado. Ayon sa batas, obligasyon ng employer na gawin ang sistema ng awtomatikong pagkaltas na ito.

▲**Para sa Katanungan:** Gifu Prefectural Taxation Division o Resident Tax Division sa mga munisipyo ng prepektura

▲**Hanaping Salita:** 岐阜県 特別徴収

Impormasyon “Gifu Companies Job Fair in Nagoya”

Ito ay isang pangyayari kung saan 100 mahuhusay na kumpanya sa Gifu ang magtitipon-tipon sa Nagoya. Target ang mga mag-aaral sa Unibersidad at Kolehiyo bago maghanap ng trabaho. Inaanyayahan lumahok ang mga interesado sa mga kumpanya o nagbabalak na makakita ng trabaho sa mga kumpanya sa Prepektura ng Gifu.

▲**Petsa:** Pebrero 3 (Linggo) 11:00~17:00

▲**Lugar:** Port Messe Nagoya Second Exhibition Hall (Nagoya-shi)

▲**Bayad:** LIBRE

▲**Para sa Katanungan:** Gifu Prefectural Industry Human Resources Division

☎ 058(272)8406 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

▲**Hanaping Salita:** オール岐阜・企業フェス i n名古屋

Impormasyon Mangyaring magrehistro sa Gifu Prefectural Police Safety and Security E-mail (“Anzen & Anshin” E-mail)

Ang Prefectural Police ay may bagong e-mail system para makapaghatid ng impormasyon tungkol sa mga situwasyon tulad ng kahina-hinalang indibidwal na nang aakit sa mga bata at mga “stalker”. Hinihiling na magrehistro upang maprotektahan ang anak mula sa mga kriminal.

Bilang karagdagan, ipinamamahagi rin ang mga impormasyon tulad ng mga nakawan at mga bagong paraan ng pekeng pandaraya sa telepono.

▲**Para sa Katanungan:** Prefectural Police Community Safety Administration Division

☎ 058(271)2424 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

▲**Hanaping Salita:** 岐阜県警察 安全・安心メール

Impormasyon Japanese Passport Application ay maaaring makuha sa website

Gamit ang web site ng Ministry of Foreign Affairs, maaari nang magprint at magfill-up ng application form para sa Japanese passport mula sa inyong computer sa bahay. Maaari isumite ang application form at kunin ang bagong passport sa munisipalidad kung saan kayo nakatira.

※Maaari pang gamitin ang lumang application form.

▲**I-download ang application form:** Punan ang kinakailangang impormasyon sa website ng Ministry of Foreign Affairs at i-print

※Pagkatapos i-print, lagdaan ito at mag-apply kasama ang mga kinakailangang dokumento.

▲**Para sa Katanungan:** Prefecture Passport Center

☎ 058 (277) 1000 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

▲**Hanaping Salita:** 岐阜県 パスポート

Pangangalap Nangangalap ng mga Apikante para sa Prefectural Mountain Climbing Seminar

Magdaraos ng seminar upang planuhin kung paano maiwasan ang aksidente sa bundok at magtaguyod ng masaya at ligtas na pag-akyat sa bundok. Maaaring makapulot ng aral at kasanayan tungkol sa mountain climbing.

▲**Petsa:** Pebrero 23 (Sabado) 9 : 00~

▲**Lugar:** OKB Fureai Kaikan (Gifu-shi)

▲**Kapasidad:** 120 katao (first-come, first-served)

▲**Deadline ng Aplikasyon:** postmarked hanggang Pebrero 15 (Biyernes)

▲**Para sa Aplikasyon at Katanungan:** Sports Promotion Division

☎ 058(272)8762 (tumatugon sa wikang Hapon lamang)

▲**Hanaping Salita:** 岐阜県登山講習会

Ito ang kasalukuyang impormasyon mula Nobyembre 27, 2018.

Para sa mga katanungan ukol sa pahinang ito, makipag-ugnayan sa Gifu Ken Public Relations Division

☎058-272-1111 (Dir. Lin.) (tumatugon sa wikang Hapon lamang) FAX 058-278-2506

Sa pakikipagtulungan ng Gifu International Center <http://www.gic.or.jp>